| | | | |
|---|---|---|---|
| **Lunes** | | | |
| **Sinabawang Tamban na may Kinchay at Burong Itlog sa Apog** | **Maanghang na Ensaladang Pipino** | **Pinasingawang Giniling na Karne na may Daing na Pusit** | **Ginisang Sugpo** |
| **Mga Sangkap:**<br>Tamban (hiniwa) 1<br>Binurong itlog sa apog (hiniwa ng pira-piraso) 1<br>Kinchay naaangkop na dami<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Ilagay ang kinchay at hiniwang tamban sa kumukulong tubig upang makagawa ng sabaw.<br>2. Ilagay ang binurong itlog sa apog sa loob at pakuluin ng sandali; dagdagan ng asin at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Pipino (binalatan) 2<br>Bawang (tinadtad) naaangkop na dami<br>Siling labuyo naaangkop na dami<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Ibabad o ang pipino na may asin ng 15 minuto; hugasan ng malamig na inuming tubig.<br>2. Magdagdag ng tinadtad na bawang, asukal, siling labuyo at suka at haluing mabuti; ilagay sa refrigerator ang ensalada ng 90 minuto. | **Mga Sangkap:**<br>Karneng baboy (giniling) 6 taels<br>Daing na pusit (diced) naaangkop na dami<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Maghalo ng harinang mais at tubig sa ibinabad na giniling na karneng baboy, at idagdag ang hiniwang daing na pusit.<br>2. Ayusin ang karne sa patag na lalagyan; pasingawan ng 12 minuto.<br>3. Budburan ng tinadtad na dahon ng sibuyas at mantika. | **Mga Sangkap:**<br>Sugpo (binalatan at tinanggalan ng ulo) 1 catty<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Ibabad at timplahin ang karne ng sugpo.<br>2. Painitin ang kawali na may mantika; magdagdag ng luya at pamintang buo upang maglasa ang mantika; alisin ang pamintang buo at idagdag ang karne ng sugpo.<br>3. Wisikan ng ilang patak ng alak na gawa sa bigas; hinaan ang apoy ng katamtamang at lutuin ang sugpo hanggang sa magkulay pula; timplahan ng asin. |
| **Martes** | | | |
| **Sinabawang Hinog na Pipino sa Bigas at Lentil** | **Pechay Baguio na Ginisa sa Bawang** | **Tradisyunal na Pinasingawang Bisugo** | **Bistek sa Sarsa ng Kamatis** |
| **Mga Sangkap:**<br>Hinog na pipino (tinadtad ng pira-piraso) 1<br>Bigas 2 taels<br>Mga lentil 1 tael<br>Mansanitas 2 piraso<br>Lomo/laman ng baboy 12 taels<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Banlian ang karne ng baboy; hugasan ang ibang mga sangkap.<br>2. Idagdag ang lahat ng mga sangkap sa kumukulong tubig at hinaan ang apoy upang kumulo.<br>3. Ipagpatuloy ang pagluto nang 2 oras; timplahan ng asin. | **Mga Sangkap:**<br>Pechay baguio 1 catty<br>Bawang (tinadtad) kalahati ng buo<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Igisa ang bawang sa mainit na mantika; ilagay ang mga gulay at igisa hanggang sa lumambot.<br>2. Timplahan ng asin at asukal, at iprito ng ilang sandali at ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Sariwang bisugo 1<br>Karne ng baboy (tinadtad) konting dami<br>Pinatuyong kabuting shiitake (tinadtad) konting dami<br>Binurong balat ng dayap (tinadtad) konting dami<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Ilatag ang luya, tangkay ng sibuyas sa isang plato; ilagay ang isda sa ibabaw; budburan ang isda ng tinimplang hinimay na karne, pinatuyong kabuting shitake at ang mga balat ng dayap.<br>2. Pasingawan sa malakas na apoy hanggang sa ang isda ay maluto; magdagdag ng piniritong ginayat na luya at ibuhos ang mantika at toyo sa ibabaw ng isda. | **Mga Sangkap:**<br>Bistek 2/3 catty<br>Sibuyas (tinadtad) kalahati ng buo<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Palambutin ang bistek; ibabad na may timpla; isawsaw ang bistek sa putih ng itlog, at budburan ang bistek ng harinang mais.<br>2. Painitin ang kawali na may mantika at lutuin ang bistek sa katamtamang init hanggang sa ito'y magkulay brown; hinaan ang apoy at lutuin hanggang sa lutong-luto.<br>3. Iprito ang bawang sa mainit na mantika; lutuin kasama ang ilang hiniwang sibuyas; wisikan ng ilang patak ng alak na gawa sa bigas; dagdagan ng sarsa ng kamatis at panimpla; lutuin ng ilang sandali at ibuhos ang tinimplang sarsa sa ibabaw ng bistek. |
| **Miyerkules** | | | |
| **Sinabawang Baka sa Kamatis** | **Binating Itlog na may Tusinong Baboy** | **Pinasingawang Sugpo sa Dahon ng Lotus** | **Tokwa na Pinakulob sa Kabuting Ginikan na may Sarsa ng Talaba** |
| **Mga Sangkap:**<br>Karne ng baka 1/3 catty<br>Patatas (diced) 6 & 1/2 taels<br>Kamatis (hiniwa ng pira-piraso) 1/3 catty<br>Sibuyas (diced) 4 taels<br>Karot (diced) 6 & 1/2 taels<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Iprito ang sibuyas at karot sa mainit na mantika; idagdag ang sarsa ng kamatis at ang tinadtad na kinchay.<br>2. Maglagay ng naaangkop na dami ng tubig at haluin hanggang | **Mga Sangkap:**<br>Tusinong baboy (ginayat) 2/3 catty<br>Itlog (binate) 4<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Igisa ang ginayat na luya sa mainit na mantika; idagdag ang tinadtad na karot at gisahin; wisikan ng ilang patak ng alak na gawa sa bigas.<br>2. Idagdag ang tosinong baboy at | **Mga Sangkap:**<br>Sugpo 1 catty<br>Dahon ng lotus 1 piraso<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Hugasan ang dahon ng lotus; banlian, alisan ng tubig at salain, at pagkatapos ay ibabad ang dahon ng lotus sa malamig na tubig.<br>2. Ilatag ang dahon ng lotus sa | **Mga Sangkap:**<br>Tokwa (naka-refrigerate ng 1 araw) 2 piraso<br>Kabuting ginikan 1/2 tasa<br>Bawang (pinitpit) 2 piraso<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Ikulob ang tokwa ng 20 minuto; salain at alisan ng tubig, muling iluto ang sabaw ng 10 minuto.<br>2. Igisa ang bawang sa mainit na mantika, idagdag ang kabuting ginikan at haluin ng mabuti; |

| | | | |
|---|---|---|---|
| kumulo, at ilagay ang tinadtad na patatas, kamatis, karneng baka at lutuin nang karagdagang 30 minuto.<br>3. Timplahan ng asin at paminta. | iprito; ibuhos ang binateng itlog at initin hanggang mamuo ang itlog; timplahan ng asin. | steamer; ilagay ang mga sugpo sa ibabaw ng dahon ng lotus; balutuin ang mga ito; pasingawan sa mataas na apoy ng 10 minuto. | wisikan ng ilang patak ng alak na gawa sa bigas.<br>3. Timplahan ng sarsa ng talaba at asukal; pakuluin ang itinabing sabaw; idagdag ang tokwa at lutuin ng karagdagang 10 minuto. |
| **Huwebes** | | | |
| **Sinabawang Tokwa at Matang Baka** | **Ginisang Togue sa Giniling na Karne ng Baboy** | **Pinaanghang na Prinitong Isdang Bumbay sa Asin** | **Ginisa na Hiniwang Karne ng Baka na may Manga at Kabuting Enoki** |
| **Mga Sangkap:**<br>Matang baka 1<br>Tokwa 2 piraso<br>(hiniwa ng pira-piraso)<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Ibabad ang tokwa/tofu sa maalat na kumukulong tubig ng 5 minuto; lagyan ang matang baka ng millet wine at asin upang timplahin.<br>2. Igisa ang luya; idagdag ang isda; prituhin ang magkabilaan hanggang sa ito'y maging kulay brown; magdagdag ng ilang wisik ng tubig; pahinain ang apoy.<br>3. Idagdag ang mga piraso ng tokwa at panimpla; budburan ng tinadtad na dahon ng sibuyas kapag natapos na. | **Mga Sangkap:**<br>Giniling na karneng baboy 4 taels<br>Togue (may buntot) 3/4 catty<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Ibabad ang giniling na karne na may timpla.<br>2. Painitin ang kawali na pinahiran ng mantika upang gisahin ang togue; idagdag ang katas ng luya at alak na gawa sa bigas, at asin bilang panimpla.<br>3. Ihalo ang giniling na karne at patuloy na iprito hanggang sa ang karne ay luto na para ihain. | **Mga Sangkap:**<br>Isdang bumbay (hiniwa ng pira-piraso) 1 & 1/2 catty<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Tanggalin ang ulo at buntot ng Isdang bumbay; ibabad ang mga piraso ng isda sa Alak ng Shoashing, katas ng luya; patuyuin ang isda.<br>2. Budburan ng tinimplang pinaanghang na asin, harinang mais at haluing mabuti; isawsaw ang mga piraso ng isdang bumbay sa binating itlog, at lagyan ang mga pira-pirasong isda ng harinang mais.<br>3. Magpainit ng mantika hanggang sa 80% porsiento ng pag-init; igisa ang mga piraso ng isdang bumbay hanggang sa tumigas; hinaan ang apoy at iprito ang mga piraso ng isda hanggang sa maging maayos ang pagkakalambot; ipihit sa malakas na apoy ng 1 minuto sa pagprito hanggang sa paghain. | **Mga Sangkap:**<br>Karneng lomo (ginayat) 1/2 catty<br>Kabuting enoki 1 & 1/2 taels<br>Manga (ginayat) 1<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Iprito ang ilang tinadtad na luya sa mainit na mantika; idagdag ang ginayat na lomo at kabuting enoki; haluin ng mabuti; magdagdag ng asin at asukal bilang panimpla.<br>2. Idagdag ang ginayat na manga at haluin ng mabuti para ihain. |
| **Biyernes** | | | |
| **Sinabawang Binti ng Baka na may Buto ng Lotus, Puting Lilya at Tengang Daga** | **Ginisang Pechay na may Kabuting Shitake** | **Karne ng Baka na Ginisa sa Chicharo** | **Pinalambot na Manok na Linukob na may Espongha at Tengang Daga** |
| **Mga Sangkap:**<br>Binti ng baka (binanlian) 1/2 catty<br>Tengang daga 1 tael<br>Puting lilya 1/2 tael<br>Buto ng lotus 1/2 tael<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Pakuluin ang tubig sa kaserola; idagdag ang lahat ng mga sangkap.<br>2. Hinaan ang apoy at pakuluin ng 2 oras; timplahan ng asin. | **Mga Sangkap:**<br>Pechay (hiniwa sa malalaking piraso) 1/6 catty<br>Sariwang kabuting shitake 3 piraso<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Igisa ang ilang tinadtad na bawang sa mainit na mantika; idagdag at igisa ang mga ito; timplahin at lutuin hanggang magkalasa.<br>2. Idagdag ang repolyo, asin, alak na gawa sa bigas, mantikang lingga, at ihalo hanggang sa matapos. | **Mga Sangkap:**<br>Karneng ng baka 2/3 catty<br>Chicharo (binanlian) 1/2 catty<br><br>**Mga Hakbang:**<br>1. Igisa ang ilang bawang sa mainit na mantika; idagdag ang chicharo at igisa ng ilang sandali; idagdag ang ilang piraso ng hiniwang karneng baka at patuloy ay gisahin hanggang sa matapos.<br>2. Timplahan ng asin, asukal, toyo at lutuin ng ilang sandali. | **Mga Sangkap:**<br>Manok (hiniwa ng pira-piraso) 5/6 catty<br>Esponghang kabuti (hiniwa ng maliliit na piraso) 1/6 catty<br>Tengang daga na kabuti (hiniwa ng maliliit na piraso) 1/6 catty<br>**Mga Hakbang:**<br>1. Painitin ang kawali na may mantika; prituhin ng konti ang ilang piraso ng manok; magdagdag ng toyo at sarsa ng talaba upang magkakulay.<br>2. Idagdag ang itinabing sabaw at kabuting espongha at tengang daga; timplahan ng asin at lutuin hanggang ang lasa ay tuluyan nang sumipsip. |
| **Sabado/Linggo** | | | |
| **Sinabawang Karot na may Berdeng Labanos at Tadyang ng Baboy** | **Ginisang Pugitang Hibya na may Kuchay** | **Pinasingawang Garupa na Tubig-tabang** | **Ginisang Binalatang Manok at Brokoli** |
| **Mga Sangkap:**<br>Tadyang ng baboy (binanlian) 2/3 catty<br>Karot (hiniwa ng pira-piraso) 1/3 catty<br>Berdeng labanos (hiniwa ng pira-piraso) 1/3 catty<br>Mansanitas 2 piraso | **Mga Sangkap:**<br>Pugitang hibya (hiniwa) 1/2 catty<br>Kuchay (hiniwa sa mga bahagi) 1/6 catty | **Mga Sangkap:**<br>Garupa na tubig-tabang 2/3 catty | **Mga Sangkap:**<br>Brokoli (hiniwa sa maliliit na piraso) 1 catty<br>Manok na tinanggalan ng buto at balat 1/2 catty |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Mga Hakbang:**<br>1. Pakuluin ang tubig sa kaserola; idagdag ang lahat ng mga sangkap at pakuluin.<br>2. Hinaan ang apoy at pakuluin ng 2 oras; timplahan ng asin. | **Mga Hakbang:**<br>1. Painitin ang kawali na may mantika; idagdag ang pugitang hibya; wisikan ng Alak ng Shaoshing, toyo, atbp.; gisahin ng mabuti.<br>2. Idagdag ang Kuchay kapag ang pugitang hibya ay halos luto na; patuloy na haluin hanggang sa matapos. | **Mga Hakbang:**<br>1. Ilagay ang garupa na tubig-tabang sa isang plato na may dahon ng sibuyas at mga hiniwang luya na nakalagay sa ilalim ng isda; palamutian at budburan ang isda ng ginayat na luya.<br>2. Pasingawan sa malakas na apoy hanggang ang isda ay luto na; maggisa ng konting luya sa mainit na mantika; ibuhos ang mainit na mantika at ginayat na luya sa ibabaw ng isda. | **Mga Hakbang:**<br>1. Maggisa ng ilang luya at bawang sa mainit na mantika; idagdag ang ilang piraso ng binalatang manok upang igisa; idagdag ang brokoli at igisa.<br>2. Magdagdag ng konting tubig, toyo at asukal, ipagpatuloy ang pagluluto hanggang sa ang tubig ay mabawasan. |